GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

PathWest
LABORATORY MEDICINE WA

Gawing Maginhawa ang Pag-iiniksyon
PARA SA MGA BATA

Pagpili ng collection center

Ang aming collection center sa Perth Children's Hospital (PCH) ay may mga tauhan sa paediatric na may napakahusay na karanasan at inirerekomenda sila lalo na kung ang iyong anak ay may malubhang sakit o kung humiling ng agarang mga pagsusuri ang iyong doktor.

Nag-aalok ang ilang iba pang mga sentro ng mga pagsusuri sa bata, ngunit mahalagang tawagan muna kami sa **13 7284** upang kumpirmahin kung kami ang angkop na sentro. O kaya, talakayin ang pinakamabuting opsyon sa iyong doktor.

Nakakahawa ang pagiging kalmado

Naaapektuhan ng iyong kalooban ang nadarama ng iyong anak, at ang iyong pagiging kalmado ay makakatulong din sa pagpapakalma sa iyong anak. Ang iyong mga positibong nadarama, pananalita, at aksyon ay makakatulong sa iyong anak na mabawasan ang pag-aalala tungkol sa pagsusuri sa kanyang dugo.

Magplano

Magplano sa pamamagitan ng paghahanda ng iyong anak nang maaga at pag-aalok ng mga mapagpipilian para mabigyan siya ng kapangyarihan. Talakayin ang pamamaraan nang hayagan, sagutin ang kanyang mga tanong, at bumuo ng mga istratehiya para sa kanyang kaginhawahan. Mayroong mga halimbawa sa aming website!

Pampamanhid

Ang pampamanhid na krema na ipinapahid sa balat ay makakatulong na mabawasan ang kirot sa mga bata. Mabibili ito nang walang reseta sa isang botika, ngunit maaaring matagalan bago magkabisa, kaya planuhing gawin ito nang maaga.

Paghinga sa tiyan at mga pang-abala

Ang paghinga sa tiyan (belly breathing) ay nakakatulong sa pagpapakalma ng mga bata at nababawasan ang kanilang reaksyon sa sakit. Ang pag-abala sa mga bata sa pamamagitan ng mga video, laruan, o aktibidad ay maaaring baguhin ang kanilang pang-unawa sa sakit. Hikayatin silang pumili ng isang bagay na kasiya-siyang pagtuunan ng pansin bago iniksyunan at habang iniiniksyunan.

Mga komportableng posisyon

Kabilang sa mga inirerekomenda na komportableng posisyon ay ang yakap-koala, ang likod ng bata sa iyong dibdib, paghiga nang patagilid o pagkargang tila idinuduyan. Ang pagsuporta sa iyong anak sa alinman sa mga posisyong ito ay makakatulong na madama niya na siya ay mas ligtas at hindi gaanong mapapansin ang kirot. Bilang mga magulang at tagapag-alaga, kayo ang pinakamagaling na nakakakilala sa inyong anak. Talakayin sa aming mga tauhan kung ano ang makakatulong sa iyong anak na madama na siya ay mas ligtas at mabawasan ang kanyang pagkabalisa.

MGA LOKASYON